

Diyos at Politika sa Pilipinas: Bakit Nga Ba Pabalik-balik Ang Multo ng Metapisika?



Jovito V. Cariño
Departamento ng Pilosopiya
Unibersidad ng Santo Tomas

Si **Cariño** ay kabilang sa Departamento ng Pilosopiya, Unibersidad ng Santo Tomas. Nagtapos siya ng pag-aaral sa Ateneo de Manila University at Unibersidad ng Santo Tomas. Liban sa pagtuturo at pag-aaral ng pilosopiya, bahagi din ng kanyang interes sa pananaliksik ang kultura, kasaysayan at panitikang Filipino.

Abstrak

Gumawa ng ingay ang ilang kasapi ng Iglesia ni Kristo nang okupahin nila ang kalye ng Padre Faura at bahagi ng Edsa bilang pagkondena sa anila'y paggigipit ng estado sa kanilang hanay. Ang pag-aalburutong ito ay resulta ng desisyon ng DOJ (Department of Justice) na aksyonan ang kasong isinampa ng isang natanggal na pastor laban sa pamunuan ng Iglesia sa pangunguna ni G. Eduardo V. Manalo. Itinuturing ng mga nagprotestang kasapi ang hakbang na ito bilang panghihimasok ng estado sa isang internal na sektaryang usapin. Binigyang-katuwiran din nila ang kanilang pagharang sa P. Faura at Edsa bilang isang lehitimong politikal na gawain ng malayang pagpapahayag. Iginigiit ng mga nagprotesta ang pagkakahiwalay ng relihiyon at estado sa pamamagitan ng kanilang panawagan ng pagbabasura sa kaso laban sa kanilang mga punong ministro at di pagtataboy sa kanila mula sa mga pampublikong lansangan na ilang araw na nilang hinaharangan. Hindi ito ang unang pagkakataon na ginamit ng Iglesia ang relihiyon para i-blackmail ang gobyerno at mga politiko at lalong hindi lamang ang Iglesia ang gumagamit nito. Maging ang dominanteng Simbahang Katolika ay kinakitaan ng ganitong taktika sa gitna ng debate (o kawalan ng debate) tungkol sa RH Bill. Mahalagang balikan ang mga halimbawang ito kung nais nating linawin ang papel ng Diyos sa politika lalo na sa konteksto ng Pilipinas. Ang mga halimbawang nabanggit ang kumakatawan sa konserbatibong relihiyosong pananaw na nagtatakda ng malaking puwang sa pagitan ng Diyos at politika. Ang kabalintunaan, hindi lamang relihiyon kundi pati na rin ang modernong ideolohiyang sekular ang naniniwala sa pagkakahiwalay ng Diyos sa politika. Samakatuwid, sa ilalim ng panlabas na tunggalian sa pagitan ng sagrado at sekular ay isang uri ng kasunduan hinggil sa nasabing dialektikong metapisikal. Tila hindi naman talaga ang puwang sa pagitan ng Diyos at politika ang nangangailang ng kagyyat na pansin kundi ang tanong kung bakit nananatili pa rin ang metapisika sa kabila ng deklarasyon ng postmodernidad na tapos na ito. Balak tukuyin ng papel na ito ang implikasyon ng problemang nabanggit kapwa sa relihiyon at pulitika. Ipapahayag sa aking pagtalakay na ang usaping ito ay hindi maiiwasan subalit hindi rin naman imposibleng masolusyunan. Nakasalalay ang solusyong ito hindi sa pagtataboy ng Diyos mula sa pulitika kundi sa pagsasantabi kapwa ng Diyos at pulitika mula sa mapamuksang metapisika.

Mga Susing Salita

Ikalawang Digmaang Pandaigdig, Kalinangang Negro, Kasaysayan ng mga Ayta, Bulubunduking Zambales



HASAAN

Pambungad

Kay Jurgen Habermas nanggaling ang deskripsyon ng kasalukuyang panahon bilang post-metapisikal, ibig sabihin, hindi na metapisikal (28-53). Tinutukoy ng ganitong paglalarawan ang pagtangga sa anomang uri ng pundasyunalismo bilang saligan ng teorya o praktika. Sinususugan ni Ruth Groff ang ganitong pananaw bagamat sinabi niya na ang ganitong hakbang raw ay katangian hindi ng postmodernidad kundi ng isang bagay na matatagpuan na sa panahon ng modernidad pa lamang (4). Gayunman, iginiit ni Groff na sa kabila ng kanilang pagpunpunyagi, hindi napagtagumpayan ang hakbang na ito ng mga modernong pilosopo. Tila mas madaling iwasan ang pundasyunaismo sa lebel ng teorya kaysa praktika kaya nanatili pa ring may bahid ang politika ng metapisika sa kabila ng mahigpit na pagtutol ng mga modernong katunggali nito. Sa unang tingin, maaaring akalain na ang pagsisikap na iwaksi ang metapisika ang siyang dahilan ng pag-usbong ng iba't ibang uri ng dikotomiya gaya ng makikita sa pagitan ng suheto at obheto, agham at pilosopiya, katuwiran at pananampalataya, espiritu at mundo. Ngunit mayroon din namang nagsasabi na ang mga dikotomiyang ito ay hindi moderno kundi likha ng mas nauna pang desisyon ng Kristiyanismo na ihiwalay ang sarili sa panahon at sitwasyon na itinuturing nitong sekular (Casanova 56). Sa madaling salita, tila magkatulad kapwa ang relihiyon at pilosopiya sa pagtatangka nitong iwaksi ang isa't isa sa bisa ng ang isang uri ng pundasyunalismo malay man sila o hindi. Kung tama ito, masasabing ang hidwaan ng relihiyon at politika gaya ng kinakatawan ng laban ng Iglesia at ng Simbahang Katolika sa estado sa magkahiwalay na isyu ay hindi naman talaga tunggalian kundi mga halimbawa ng magkalahis na pananaw tungkol sa iisang bagay. Ito marahil ang dahilan kung bakit masasabi ko na ang multo ng metapisika ay isang pangitain na hindi maiiwasan kapag pinag-usapan ang Diyos at politka sa Pilipinas.

Modernong Pananaw sa Diyos at Politika

May iba't ibang anyo ang relasyon ng Diyos at politika gaya ng makikita sa kasaysayan ng teoryang politikal mula kay Platon at Aristoteles, hanggang kay Agustin at Tomas ng Aquino, kay Kant at Hegel, hanggang sa mga kontemporaryong teorista gaya nila Leo Srauss at Carl Schmitt. Maituturing na isa sa pinaka-radikal na hakbang na pasubalian ang relasyong ito ang ginawa ni Niccolo Machiavelli sa kanyang akda na *The Prince*, gayunman kung susuriing mabuti ang nasabing teksto, lumalabas na sa kabila ng pagsisikap ni Machiavelli

na iwaksi sa pulitika ang anomang metapisikal na saligan gaya ng Diyos, mababakas pa rin sa kanya ang pagsandig sa isang uri ng pundasyun sa anyo ng isang matatag na republika (87-90). Mas bibigyang-diin ito ni Machiavelli sa *Discourses* kung saan isinulong niya ang kahalagahan ng pagkakaroon ng sibikong kamalayan bilang susi ng isang matatag na politea (95-97). Para kay Machavelli, ang sibikong kamalayan ang pinakamabisang sandigang pananggalang ng mga mamamayan kung walang maaasahang matibay na liderato na mangangalaga sa republika. Ito ang patunay kung bakit kahit ang isang modernong teorista gaya ni Machiavelli ay hindi makakaiwas sa anomang uri ng pundasyonismo; kung hindi man siya sang-ayon sa isang saligang banal sa kaitaasan, pabor naman siya sa isang sandigan sa anyo ng isang makapangyarihan at unitaryong politea. Sa madaling salita, hindi maituturing na ganap na tagumpay ang hakbang ni Machiavelli sapagkat ang kanyang pag-iwas sa isang uri ng metapisika ay naging posible lamang sa pamamagitan ng pagyakap niya sa isang kakambal nito. Sa ganitong pananaw, masasabing mas abante pa ang ginawang tangka ni Baruch Spinoza sa kanyang akda na *Ethics* nang ituring niya ang katawagang Diyos hindi bilang katunggali ng sangkalupaan kund bilang kahaliling tawag dito (217-243, 321). Sa halip na sundan ni Spinoza ang dikotomiyang pinanukala ni Machiavelli, isinantabi niya ito sa pamamagitan ng pagturing sa Diyos bilang isang kahaliling katawagan lamang sa kung ano ang mayroon ngayon at dito na tinatawag din niyang natura. Pinapalabas ni Spinoza na ang pagsusulong ng anomang uri ng dikotomiya ay isang lihim na pagkilala sa bisa ng isang makalangit na prinsipyo bilang katunggali ng politikang sekular. Sa pagsasantabi nito, pinapawalang bisa niya ang pwersa ng anomang makalangit na prinsipyo. Ang Diyos ay isang tawag lamang para sa kanya, isang pangalan na walang lantay na kahulugan. Higit na binigyang diin ni Spinoza ang ganitong posisyon sa akdang *Tractatus Theologico Politicus* kung saan mas pinakita niya ang tuluyang ugnayan ng teolohikal sa politikal. Ibig sabihin, para kay Spinoza, sa pulitika na makikita ang lakas at halagahan na dating sa teolohiya lamang ang nakakapagpaliwanag. Ang politikal ay teolohikal din sapagkat ang pulitika na ang bagong batayan ng pagpapakatao (557-565).

Sa magkaiba bagamat magkaugnay na paraan, kapwa ipinakita ni Macchiavelli at Spinoza ang posibilidad ng metapisika labas sa teolohikal o maka-Diyos na diskurso. Kapwa nila ipinanukala ang politika bilang bagong batayan o pundasyon; sa madaling salita, ang politika ang naging bagong anti-metapisikang metapisika. Sa pagitan ng dalawa, lumalabas na mas progresibo ang posisyon ni Spinoza sapagkat pinatunayan niyang wala ng dahilan na

panatilihin pa ang tradisyonal na dikotomiya pabor sa iisang prinsipyong kinakatawan ng imanenteng politika na sa kalaunan ay magsisilbing bagong mukha ng metapisika.

Tungo sa Isang Politikang Teolohiya

Sa ikadalawampung siglo, ang nabanggit na panukala ni Spinoza ay mabibigyan ng higit na linaw at laman sa mga panulat ni Leo Strauss. Kinilala ni Strauss ang ambag ni Spinoza sa modernong teoryang politikal nang kanselahin ng huli ang tensyong naghihiwalay sa Diyos at gawaing politikal (216). Sinususugan ni Strauss ang isang uri ng ontolohiyang politikal tulad ng Diyos o relihiyon bilang normatibong batayan ng praktikang politikal (15-21). Para sa kanya, kailangan ang ganitong uri ng batayan bilang garantiya laban sa anomang uri ng relatibismo na siyang pangunahing katangian ng modernong etikang kultural. Samakatwid, hindi maikakaila ang pangangailangan ng isang pundasyon sa pagpapanatili ng kabuuan ng isang politea. Mahalaga pa rin ang papel ng isang uri ng metapisika bilang batayan ng pagpapakatao. Madalas ihambing si Strauss sa kanyang ka-kontemporaryong teorista na si Carl Schmitt. Sa kanyang akda na *Political Theology*, sinabi ni Schmitt na politika ang bagong teolohiya (36). Makikita raw ang dating papel, impluwensya at halagahan ng teolohiya sa politika bagamat sa sekular na anyo. Higit na radikal ang turing ni Schmitt sa konsepto ng politikal. Para sa kanya, may malapit, halos magkasing-kahulugan na ugnayan, ang estado at politika. Ang estado o politika ang siyang nagsisilbing sentro ng gawaing politikal para kay Schmitt. Itinuturing niya itong sentro sapagkat nakapaloob sa estado o politika ang dinamismo ng antagonismo na para kay Schmitt ay siyang buod ng kanyang konsepto ng politikal (29-30). Dagdag pa ni Schmitt, hindi ang relihiyon at politika ang tunay na magkalaban sapagkat ang politika ang mismong konteksto ng pinaka-pundamental na tunggalian na siyang batayan ng anomang larangang kinasasangkutan ng tao. Dagdag pa ni Schmitt, kahit ang relihiyon ay nagiging politikal din sa sandaling lumikha ito ng tunggalian sa pagitan ng kanyang mga kasapi o mga kasapi ng ibang relihiyon o institusyon (37). Sa unang tingin, mistulang lubusan nang napagtagumpayan ni Schmitt ang pagpawi sa impluwensya ng metapisika sa pamamagitan ng pagturing sa politika hindi bilang kahiwalay na larangan kundi bilang isang pangyayari ng tunggalian sa loob ng lahat ng larangan. Totoo na laban siya sa pundasyunalismo pero tutol din naman si Schmitt sa anomang pagbale wala sa mga sustantibong usapin at malabis na pagtuon ng pansin sa mga pormalistang elemento gaya ng iginigiit ng mga liberalisting teorista gaya

ni John Rawls (248-249). Makikita samakatwid kay Schmitt ang posibilidad ng isang sustantibo bagamat kontra metapisikang politika at kay Rawls ang isang uri ng politika na lubusang anti-metapisikal. Sa simula pa lamang, sinasantabi na ni Rawls ang mga hegemonikong institusyon gaya ng relihiyon sa anomang usaping politikal. Kahit nga ang hustisya para sa kanya ay hindi isang sustantibong isyu kundi isang resulta ng negosasyon patungkol sa mga pormalistang kahilingan ng politika. Ang pag iwas ni Rawls sa anomang uri ng sustantibong posisyon ang nasa likod ng pinapanukala niyang tabing ng kawalan ng kaalaman (118-120). Sa tingin ni Rawls ang pagkakapantay-pantay ay isang epistemolohikal na posisyon at hindi aktwal na katayuan sa buhay. Sinisimbolo ng nasabing tabing ang pangangailangan ng isang bakanteng batayan ng isang usaping hindi pa tiyak ang patutunguhan. Magkakahubog lamang ang usaping ito sa proseso ng aktwal na negosasyon sa pagitan ng mga partidong bumubuo sa isang politikal na komunidad. Sa ganitong konteksto, ang tanging garantiya ng mabuti ay walang iba kundi ang mga batas o patakaran na mabubuo sa proseso ng negosasyon.

Metapisika at Politika sa Pilipinas

Gaya ng nabanggit na, ang relasyon ng relihiyon at politika, ng Diyos at lipunang sekular sa Pilipinas ay kinakatawan ng sitwasyong kinasangkutan kamakailan ng Iglesia ni Kristo at Simbahang Katoliko. Ang una ay gumawa ng ingay dahil sa ginawang pag-aalburuto sa pamamagitan ng ilang araw na pag-okupa sa EDSA at Padre Faura bilang protesta laban sa anila'y panggigipit ng estado sa kanilang hanay nang tanggapin ng Department of Justice ang reklamo na inihain ng isa sa mga natiwalag nilang ministro. Ang ikalawa naman ay maaalalang naging tampok sa mainit na debate sa pagitan ng mga pabor at kontra sa noo'y pinapanukalang Reproductive Health Bill. Mahigpit ang pagtutol ng hanay ng mga Katoliko sa RH Bill dahil sa nakikita nilang lantarang pagsuway ng estado sa itinatadhana ng kalikasan, ibig sabihin, ng Diyos. Maliban dito, binibigyan din ng RH Bill ng malabis na kalayaan ang mga tao na magdesisyon sa mga bagay gaya ng pagbubuntis, pakikipagtalik, pagpapamilya na sa tradisyonal na moralidad ay hindi na dapat pang panghimasukan ng sinoman, kahit na ng pamahalaan, sapagkat ang layunin at proseso ng mga bagay na ito ay malaon nang naitakda mula sa kaitaasan. Kakatwa ang relasyon ng dalawang isyung ito. Sa una, sa kaso ng Iglesia ni Kristo, ang makikita natin ay isang pribadong usapin na nagmukhang pangpubliko dahil sa paggamit ng relihiyon. Sa ikalawa naman, sa kaso ng simbahang Katoliko, ang makikita natin

HASAAN

ay isang pangpublikong diskusyon tungkol sa dapat sanang isang pribadong usapin.

Kung susuriin natin ang sitwasyong politikal sa bansa gamit ang teorya ni Schmitt, lumalabas na ang kasalukuyang sitwasyong naghahati sa estado at sa mga relihiyosong institusyon katulad ng INK at Simbahang Katoliko ay hindi krisis pampolitika, lalong hindi krisis panrelihiyon kundi isang karaniwang dramatisasyon ng tinatawag ni Schmitt na konsepto ng politikal. Hindi ito banggaan ng mga kaisipan o prinsipyo ng dalawang magkaibang panig kundi isang simpleng tunggalian na kinakailangang mangyari bilang bahagi ng dinamismo ng politika. Hindi na rin mahalaga na tanungin pa kung ano ang metapisikal na batayan ng tunggaliang ito. Gaya ng nabanggit na, mas mahalaga kay Schmitt ang pangyayari ng tunggalian sapagkat sa tunggaliang ito, hindi sa kanyang resolusyon, nagaganap ang pagpapalalim ng kalayaang maaaring humubog sa politikal na pagkakakilanlan ng mga kasapi ng isang politea.

Kung gagamitin naman ang pananaw ni Rawls, lumalabas na ang nasabing pagkakakilanlan ay hindi na mahalagang malaman pa. Samakatwid, hindi na mahalagang ipagdiinan pa ang pagiging kasapi ng INK o pagiging Katoliko lalo pa kung nagiging balakid ang pagbanggit sa sariling identidad sa isang malayang negosasyon. Higit na makakatulong ang pagiging bukas ng magkabilang panig sa isang batayan na ang tanging isinasaalang-alang ay ang kahandaan ng bawat isa na sumunod o tumupad sa mga patakaran ng negosasyong politikal. Kung si Rawls ang titingin, ang ginawang pagsakop ng mga kasapi ng INK sa mga pangpublikong lansangan ay hindi nagpapakita ng nasabing kahandaan. Ganito rin ang maaari niyang sabihin sa ipinakitang pagmamatigas ng Simbahang Katoliko sa pagsusulong nito na gawing batayan ang kanilang doktrina ng mga polisiyang may potensyal na epekto sa buhay ng mga Filipino kasapi man o hindi ng Simbahang Katoliko.

Samakatwid, sa likod ng tensyon sa pagitan ng mga nasabing relihiyosong grupo at ng estado, madaling mabanaagan ang impluwensya ng isang lingid na metapisika, ang metapisika ng kapangyarihan, na siyang nagpapaigting sa hidwaan ng mga nabanggit institusyon. Totoo na mahirap iwasan ang nasabing hidwaan sa larangan ng politika ngunit mas may pag-asa na maging kapaki-pakinabang ang hidwaang ito kung magagawa ng bawat partido na mapanatili ang elemento ng kritika patungkol sa posisyong kanilang pinanghahawakan. Mapanganib ang kapangyarihan bilang metapisika sapagkat hindi lantad ang

kanyang metapisikal na anyo. Minsan ay tinatawag itong “batas” o “estado.” Minsan naman ay “Diyos” o “relihiyon.” Tinatawag ito sa iba’t ibang pangalan sa kabila ng katotohanang ito ay walang iba kundi isang simpleng hubad na paghahangad na mangibabaw. Mahirap husgahan ang tama o mali kung walang ibang batayan kundi ang kapangyarihan sa kamay ng iilan. Hanggang tinitingnan natin ang nabanggit na tensyon bilang isang uri ng tagisan sa pagitan ng relihiyon at estado, sa pagitan ng banal at sekular, sa madaling salita, sa pagitan ng dalawang magkabilang panig ng iisang paghahangad ng kapangyarihan, mas marami tayong naisasantabi na mga tinig pati na rin mga suliranin na mas kailangan sanang pag-usapan. Ang politika kung tutuusin ay hindi dapat maging larangan ng paggamit ng kapangyarihan kundi paglikha ng espasyong mapagsasaluhan ng higit na nakararami lalo na nilang kadalasang napagkakaitan ng pagkakataon na maiprisinta ang sarili.

Konklusyon

Isinaad sa kalakhan ng papel na tila alanganin kung hindi man mapanlinlang ang paglalarawan sa kasalukuyang panahon bilang post-metapisikal. Kung ang post-metapisikal ay nangangahulugan ng pagtatagumpay sa anomang uri ng pundasyonalismo, makikita sa pagtalakay at sa mga teoretikal na paglalarawan na ang inaakalang pagsasantabi ng anomang uri ng pundasyon ay lubhang imposible, sa larangan man ng teorya o praktika, partikular sa praktika ng politika. Itinuturing ng marami, lalo dito sa Pilipinas, ang relihiyon bilang isang halimbawa ng nasabing pundasyon at inaakala nila na ang hidwaan ng relihiyon at estado ay dikta ng pagwaksi ng huli sa isa. Isinawalat ko sa papel na ang ganitong mala-Machiavelli na pananaw sa hidwaan ng relihiyon at politika ay lipas na. Gamit ang teoryang hiniram ko kay Strauss at Schmitt na kapwa din nila hinango kay Spinoza, ipinanukala ko na sa modernong kaayusan, wala ng bakod na namamagitan sa relihiyon at politika. Ang relihiyon, sa wari nila, ay isa nang isinapolitikang praktika ng pananampalataya at ang politika ay isa nang sakramental na pakikisangkot. Kapwa sila, ibig sabihin, ang relihiyon at estado. sumasalok sa iisang bukal ng pag-iral: ito ay walang iba kundi ang bukal ng kapangyarihan. Sa madaling salita, ang kapangyarihan ang bagong pundasyon, ang bagong metapisika. Dahil dito, anomang hidwaan sa pagitan ng relihiyon at estado ay mistulang guni-guni lamang sapagkat kung tutuusin iisa ang hangarin nila: ang protektahan ang kapangyarihang kapwa nila inookupa. Nais kong linawin na ang kapangyarihan mismo ay hindi metapisikal. Nagiging metapisikal lamang ito kung tinuturing na pangunahing batayan ng pagkakakilanlan kung

HASAAN

ano ang mabuti, maganda at totoo. Higit sa lahat, nagiging metapisikal ito kung nagiging sanhi ito ng isang ideyolohikal na lapit sa Diyos. Ang huli ay lantaran nating makikita sa mga nabanggit na pag-aalburuto ng pamunuan ng Iglesia ni Kristo gayundin sa irresponsableng polemiko ng ilang bahagi sa hanay ng simbahang Katoliko. Ang tanong, kung papanibaguhin ba natin ang politika sa Pilipinas, nangangahulugan ba ito ng pagpapanibago ng batayan, ibig sabih'y bagong metapisika? Kung hindi man, posible kayang ipanukala ang tuluyang pagsasantabi ng metapisika sa larangan ng politika? Sa tingin ko, mahirap isipin na posibleng mangyari ang ikalawang alternatibo, ang tuluyang pagwawaksi ng anomang batayan o metapisika sa politika kung titingnan ang mga pagtatangkang inilahad sa kalakhan ng papel na ito. Sa madaling salita, mahirap ipagtanggol ang deskripsyon na post-metapisikal ni Habermas kung masusing susuriin hindi lamang ang diskurso kundi pati na rin ang aktwal na praktika ng politika. Dahil dito, mas mabuti pa sigurong itanong, na kung ang metapisika ay sadyang hindi maiiwasan, anong klaseng metapisika ang napapanahon ngayon? Sa larangan ng politika, tugma ba na gamitin ang Diyos bilang metapisika? Mayroon pa bang paraan ng pagsangkot sa Diyos sa politika na hindi kumakapit sa lenggwahe ng metapisika? Sa tingin ko, ito ang mga problematikong hinaharap ng mga Pilipinong tagapagtaguyod ng pilosopiya at teoristang politikal dahil na rin sa mahigpit na ugnayan ng politika at relihiyon sa ating bansa. Sa ganang akin, naninindigan ako na laging may puwang ang Diyos sa politika lalo na kung titingnan natin ang politika bilang gawain ng pagsusulong ng kapakanan ng higit na nagangailangan. Ang politika ay hindi larangan ng pamamayani. Sa ganitong hermenyutika, mas kailangan ng relihiyosong metapisika na nagtatampok sa Diyos hindi bilang makaapangyarihan sa lahat kundi bilang alternatibo sa pagtamasa ng at pananatili sa kapangyarihan. Ang panukalang ito ay hindi na bago. Sa katunayan, makakakita ng halimbawa ng ganitong kaisipan sa mga akda nila Levinas, Marion, Derrida, Ricoeur, Taylor at kahit na sa mga di-theistang teorista gaya nila Bloch at Goldmann. Bilang alternatibo sa kapangyarihan, ang Diyos sa loob ng politika ay nagbibigay ng pagkakataon na mabago ang pagkaunawa kapwa sa politika at relihiyon. Bandang huli, may pag-asa pa na makita ang dalawa bilang magkaibang mukha ng iisang proyekto ng pagpapakatao.

Mga Sanggunian

- Casanova, Jose. "The Secular, Secularizations, Secularisms". Calhoun, Craig. (Ed.) *Rethinking Secularism*. Oxford: Oxford University Press, 2011. Nakalimbag.
- Groff, Ruth. *Ontology Revisited: Metaphysics in Social and Political Philosophy*. London: Routledge, 2014. Nakalimbag.
- Habermas, Jurgen. *Postmetaphysical Thinking*. William Mark Hohengarten (Trans.) Massachusetts: Massachusetts Institute of Technology, 1992. Nakalimbag.
- Machiavelli, Niccolo. *Machiavelli: Selected Political Writings*. David Wootton (Ed.) Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 1994. Nakalimbag.
- . *The Prince*. Peter Bondanella (Tagasalin) . Oxford: Oxford University Press, 2005. Nakalimbag.
- Rawls, John. "Justice As Fairness: Political Not Metaphysical," *Philosophy and Public Affairs*. Vol. 14, No. 3 (Summer, 1985), 248-249. Nakalimbag
- . *A Theory of Justice* (Revised Edition). Cambridge, Massachusetts: The Belknap Press of Harvard University Press, 1999. Nakalimbag.
- Schmitt, Carl. *Political Theology: Four Chapters on the Concept of Sovereignty*. George Schwab (Trans.) Chicago: University of Chicago Press, 1985. Nakalimbag
- . *The Concept of the Political*. Chicago: The University of Chicago Press, 2007. Nakalimbag.
- Spinoza, Baruch. *Spinoza: Complete Works*. Samuel Shirley (Trans.) Indianapolis: Hackett Publishing Company, Inc., 2002. Nakalimbag.
- Strauss, Leo. *Spinoza's Critique of Religion*. EM Sinclair (Trans). New York: Schocken Books, 1982. Nakalimbag.
- . "The Testament of Spinoza" in *Leo Strass: The Early Writings (1921-1932)*. Michael Zank (Trans.) New York: Srare University of New York Press, 2002. Nakalimbag.

HASAAN